# Paano Pagkumparahin ang mga Paaralan sa Dashboard

California School DASHBOARD

**Toolkit para sa 2023 Dashboard**

Maaaring gamitin ng mga magulang ang 2023 California School Dashboard (Dashboard) para subaybayan kung gaano natutugunan ng paaralan ng kanilang anak ang mga pangangailangan ng lahat ng estudyante. Maaari din nilang ikumpara ang performance ng paaralan nila sa performance ng ibang paaralan sa loob ng distrito. Pinapahintulutan ng mga tool na ito ang mga magulang na makilahok sa proseso ng pagpapahusay ng paaralan gamit ang mga datos para simulan ang pag-unawa sa mga kalakasan at pangangailangan sa kanilang paaralan at sa kanilang distrito.

## Mga Tagubilin sa Pag-access sa mga Feature sa Pagkukumpara

1. Maa-access ang Dashboard website sa https://www.caschooldashboard.org/.


2. Para maikumpara ang mga resulta ng lahat ng paaralan **sa loob ng iyong distrito**, ilagay ang pangalan ng distrito sa search bar na **Hanapin ang Paaralan o Distrito**. Pagkatapos ay piliin ang taon.




3. Kapag napili mo na ang iyong distrito, makikita ang performance nito sa mga panukat ng estado at ng lokalidad.





4. Ipinapakita sa opsyong **Tingnan ang Lahat ng Paaralan** ang mga resulta para sa lahat ng paaralan sa loob ng distrito.





5. Kapag napili na ang button na **Tingnan ang Lahat ng Paaralan**, makikita ang performance ng bawat paaralan sa naaangkop na mga panukat ng estado—tulad ng Madalas na Pagliban sa Klase, Dami ng Nasususpinde, Sining ng Wikang Ingles, at Matematika—tulad ng tinukoy sa ibaba.




6. Gamitin ang mga opsyon sa pagsasaayos sa Dashboard para pagsunud-sunurin
    - ang lahat ng paaralan sa distrito ayon sa alpabeto (pataas o pababa); o
    - gamit ang isang partikular na sukatan ng estado ayon sa performance.




7. I-filter ang mga ulat (sa ilalim ng mga opsyon sa pagsasaayos) sa pamamagitan ng pagpili sa mga panukat na gusto mong pagkumparahin. Pagkatapos ay piliin ang button na **Gamitin ang Filter**.




8. Makikita ang mga Antas ng Performance (o mga kulay) para sa lahat ng indicator ng estado (maliban sa Indicator ng Kolehiyo/Karera) sa Dashboard. Tinutukoy ang pinakamababang performance sa pamamagitan ng panukat na nakaturo sa Pula at ang pinakamataas na performance sa pamamagitan ng panukat na nakaturo sa Asul.




Para sa iba pang impormasyon tungkol sa performance para sa lahat ng indicator ng estado, sumangguni sa flyer na Kilanlin ang California School Dashboard na nasa webpage ng California Department of Education (CDE) Dashboard Communications Toolkit sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/dashboardtoolkit.asp.

Para sa iba pang impormasyon, pumunta lang sa web page ng CDE California School Dashboard at System of Support sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Kontakin ang Dibisyon sa Pag-uulat ng Pagsusuri, Pagsusukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

Nobyembre 2023